



Kumonekta sa BART at Caltrain o pumunta sa ospital sa pamamagitan ng pag-book ng ride sa Bayview Shuttle mula sa sineserbisyuhang lugar papunta sa isang **External na Access Point**, o vice versa.

## Mga external na access point.

- **A** 22nd St Caltrain Station
- **B** San Francisco General Hospital
- **C** 24th St BART Station
- **D** Bayshore Caltrain Station

## Mga halimbawang destinasyon.

1. Thurgood Marshall Academic High School
2. Bayview Opera House (BVOH)
3. Bayview Hunters Point YMCA
4. Dr. George W. Davis Senior Center
5. San Bruno Ave Business Corridor
6. Candlestick Point State Recreation Area

# Tungkol sa Bayview Shuttle.

**Ano ang Bayview Shuttle?**
Ang Bayview Shuttle ay isang on-demand na serbisyo sa pampublikong transportasyon para sa Bayview at Hunters Point. Mag-book ng shared ride sa app, at ma-pick up sa loob lang ng ilang minuto!

**Kailan ako puwedeng sumakay?**
Lunes - Biyernes: 7am - 7pm
Sabado - Linggo: 10am - 6pm

**Magkano ang pamasahe sa mga pagsakay?**
- **Indibidwal na pagsakay: $2.50.**
- **May diskwentong pagsakay: $1.25** para sa mga nakatatanda, pasaherong may mga kapansanan, at pasaherong nasa programang Clipper START.
- **Kabataang may edad na 18 taong gulang pababa:** LIBRE
- **Magkakaiba ang mga presyo para sa mga pasaherong may mga transit card.**

(tingnan ang city.ridewithvia.com/bayview-shuttle para sa mga detalye).
***Ang lahat ng pagsakay ay ganap na LIBRE para sa unang buwan!***

**Paano ako magbabayad para sa mga pagsakay ko?**
- **Pagbabayad sa Clipper kapag nakasakay na:** Magbayad para sa lahat ng sasakyan ng Bay Area—bus, rail, ferry at tren—gamit ang Clipper card o sa iyong telepono. Mag-load ng cash, bumili ng mga pass, at i-access ang mga diskwento at espesyal na transfer.
- **MuniMobile app:** Bumili ng mga ticket sa iyong telepono gamit ang credit/debit card at i-activate ang mga ito kapag handa ka nang bumiyahe.
- **Mga pre-paid na transit card mula sa kiosk ng MTA:** Tingnan kung saan ka makakabili ng mga transit pass sa sfmta.com/getting-around/where-buy-list.

**Matuto pa tungkol sa bawat opsyon sa pagbabayad sa sfmta.com/fares.**


**Makakapag-book ba ako ng pagsakay nang mas maaga?**
Hindi, ang Bayview Shuttle ay isang on-demand na serbisyo, ibig sabihin, dapat mag-book ka ng pagsakay sa loob ng ilang minuto kapag handa ka nang umalis. Hindi ka makakapagpa-reserve ng mga pagsakay nang mas maaga.

**Sino ang makakasabay ko sa pagsakay?**
Puwede kang magsabay ng mga pasaherong papunta rin sa parehong direksyon. Puwede silang i-pick up at i-drop off habang bumibiyahe ka. Pinapanatili nitong mabilis at abot-kaya ang serbisyo para sa lahat!

**Available ba ang mga Wheelchair Accessible Vehicle (mga WAV)?**
Oo — at kung kailangan mo ng WAV, susunduin ka namin sa bahay mo mismo! Ipaalam sa amin sa pamamagitan ng PAG-ON sa icon ng wheelchair sa app:
- I-tap ang menu sa kaliwang sulok sa itaas ng screen.
- I-tap ang iyong pangalan.
- I-tap ang **Mga Espesyal na Setting**, pagkatapos ay i-on ang Accessibility ng Wheelchair.

**Bakit kailangan kong maglakad para makipagkita sa driver ko?**
Hindi tulad ng tradisyonal na sakayan ng bus, dumadaan ang Bayview Shuttle sa isang virtual na sakayan malapit sa iyo! Para mabawasan ang mga pasikot-sikot at panatilihing umuusad ang lahat ng sumasakay, makikita mo ang iyong driver sa isang lugar na madaling mapuntahan sa ruta (malapit sa address ng pag-pick up/pag-drop off na ibinigay mo).

# Paano sumakay sa Bayview Shuttle.




1. **Gumawa ng account.**
I-download ang **Bayview Shuttle** app mula sa App Store o Google Play Store at sundin ang mga simpleng hakbang sa pag-sign up.

2. **Mag-book ng pagsakay.**
Ilagay ang iyong mga address ng pag-pick up at pag-drop off. Piliin ang pagsakay na naaangkop para sa iyo sa pamamagitan ng pag-tap sa **I-book ang pagsakay**.

3. **Makipagkita sa iyong driver.**
Tingnan ang app para eksaktong makita kung saan mo pupuntahan ang sasakyan. Maaaring kailanganin mong maglakad nang kaunti mula sa address na ibinigay mo sa amin.

**Walang smartphone? Walang problema.**
Maaari ka ring tumawag sa **(415) 873-1801** para mag-book ng pagsakay sa pagitan ng 8am at 5pm.

Ibigay sa ahente ang iyong mga address ng pag-pick up at pag-drop off. Pagkatapos, sasabihin sa iyo ng ahente ang tinatayang oras ng pag-pick up at impormasyon ng sasakyan para sa iyong biyahe. Sasabihin din niya sa iyo kung saan ka makikipagkita sa iyong driver.

MUNI
BAYVIEW SHUTTLE
By via

# Ipinakikilala ang Bayview Shuttle.

Nagbibigay ang Bayview Shuttle ng flexible at abot-kayang on-demand na sasakyan sa komunidad ng Bayview-Hunters Point. Pumunta sa trabaho, mga gawain, mga appointment, at higit pa! O kumonekta sa BART, Muni, at Caltrain sa pamamagitan ng pagsakay sa isa sa mga itinalagang transit hub.

**Ang lahat ng pagsakay ay LIBRE hanggang ika-11 ng Disyembre, 2024!**




Download on the App Store
GET IT ON Google Play

I-download ang **Bayview Shuttle** app.

CALIFORNIA
AIR RESOURCES BOARD


Ang pilot na proyektong ito ay pinopondohan ng California Air Resources Board (CARB) sa pamamagitan ng Sustainable Equity Transportation Project (STEP) nito, na nilalayong pataasin ang pagkakapantay-pantay sa transportasyon sa mga priyoridad na komunidad at bawasan ang mga emission ng greenhouse gas.